

Enero 2018

Mahal na Magulang/Caregiver,

Re: 2018 Survey Ukol sa Kalusugan ng Adolescent na Kabataan sa BC

Pinili ang klase ng inyong anak upang lumahok sa isang survey ukol sa kalusugan ng kabataan. Ang McCreary Centre Society ay isang kawanggawa sa BC. Isinasagawa namin ang survey na ito tuwing limang taon. Ang nakakalap na impormasyon ay ginagamit ng mga paaralan, pamahalaan, at komunidad para sa pagpapalano ng mga programa.

Inaanyayahan namin ang mahigit 40,000 mga mag-aaral sa British Columbia mula Grade 7-12 na lumahok. Maaaring piliin ng inyong anak na lumahok o 'di lumahok. Kung gusto ng inyong anak na lumahok, kailangan ng school district ang inyong pahintulot. Ang mga mag-aaral na hindi lalahok ay bibigyan ng alternatibong aktibidad ng kanilang guro.

Ang survey ay tumatagal ng 30-40 minuto upang makumpleto. Ang isang nurse ang mamamahagi ng mga survey at pupunan ito ng mga mag-aaral ng sarili nila. Kabilang sa mga paksang itatanong ang damdamin tungkol sa paaralan, pamilya, pangkatawan at pangkaisipang kalusugan, sekswal na kalusugan, paggamit ng droga, mga pinsala at aktibidad, karahasan at diskriminasyon, at paggamit ng teknolohiya.


Ang survey na ito ay kumpidensyal. Hindi kinakailangan isulat ng mga mag-aaral ang kanilang pangalan sa kuwestyonaryo. Walang sinuman na makapag-uugnay ng mga kasagutan sa isang partikular na mag-aaral. Gayunpaman, kung piliin ng mga mag-aaral na isulat nila ang kanilang pangalan sa survey, at sabihin na sila ay inaabuso o nag-iisip ng tungkol sa pagpapakamatay, kailangan namin na iulat ang mga ito upang pangalagaan ang kanilang kaligtasan.

Ang mga staff at researcher lamang na may kaugnayan sa McCreary Centre Society ang pwedeng makakita sa mga survey. Iniingatan namin ang mga survey sa mga naka-lock na opisina ng McCreary Centre Society hanggang 5 taon at pagkatapos ay dini-dispose na ito sa mga paper shredder. Ang mga elektronikong datos ay iniimbak nang mas matagal. Ang mga ulat at fact sheet ng mga resulta ng survey ay ipinopost sa www.mcs.bc.ca.


Kayo man o ang inyong anak ay 'di tuwiran makikinabang sa paglahok sa survey na ito, ngunit kung sila ay lumahok, matitiyak ng kabataan na magkakaroon sila ng boses sa pagpapalano ng mga serbisyo at programa at makakatulong na gumawa ng pagbabago kung saan ito kinakailangan. Maaaring may panganib na makita ng ibang mag-aaral na nag-uusyoso ang mga sagot ng inyong anak, o maaari nilang madama na sensitibo ang ilang mga tanong. Ang nurse ay maaaring makausap ng mga mag-aaral upang sagutin ang anumang mga katanungan o pag-aalala. Bibigyan din ang mga mag-aaral ng tarheta na may impormasyon kung paano makokontak ang mga serbisyong pansuporta.

Ang listahan ng mga paksang itatanong at ang mga dahilan kung bakit kami magtatanong sa kanila ay matatagpuan sa aming website (www.mcs.bc.ca). Maaari din ninyong tingnan ang kopya ng survey sa opisina ng punong-guro ng paaralan. Kung mayroon kayong anumang reklamo o mga pag-aalala tungkol sa mga karapatan ng inyong anak bilang isang kalahok sa pananaliksik at/o tungkol sa inyong mga karanasan sa paglahok sa pag-aaral na ito, kontakin ang Research Participant Complaint Line sa UBC Office of Research Ethics sa 604-822-8598 o mag e-mail sa RSIL@ors.ubc.ca o tumawag nang libre sa 1-877-822-8598.

Salamat sa Inyo,



Annie Smith, Executive Director
McCreary Centre Society
annie@mcs.bc.ca
604-291-1996



Dr. Elizabeth Saewyc, Research Director, McCreary Centre Society
& Professor, UBC School of Nursing
elizabeth.saewyc@ubc.ca
604-822-7505

Pangalan ng Mag-aaral _____ Grade _____

- Binigyan ko ng pahintulot ang aking anak na lumahok sa 2018 Survey Ukol sa Kalusugan ng Adolescent na Kabataan sa BC.
- Hindi ko binigyan ng pahintulot ang aking anak na lumahok sa survey.

Pirma ng Magulang/Caregiver _____ Petsa _____